

Kagawaran ng Edukasyon sa NSW

# Ang paglipat sa Year 7 sa isang Pampublikong paaralan ng NSW

## Mag-aplay sa online upang umpisahan ang paglipat ng iyong anak mula sa Year 6 papuntang Year 7.

### Ang lokal na paaralan ng inyong anak

Karamihan sa mga paaralan ng Pamahalaan sa NSW ay may itinalagang  mapapasukang lugar kaya ang lahat na mga batang nasa edad nang mag-aaral ay karapat-dapat na pumasok sa isang paaralan ng Pamahalaan – sa paaralang lokal.

Ang permanenteng tirahan ng inyong anak ang pagpasyahan kung saan ang magiging paaralan ng inyong anak. The School Finder (Tagapaghanap ng Paaralan) na kagamitan sa education.nsw.gov.au/school-finder ang maaaring makatulong sa inyong paghahanap ng lokal na paaralan.

Karamihan sa mga magulang at tagapag-alaga sa NSW ang pumipili sa kanilang lokal na paaralan para magbigay ng mahusay na edukasyon sa kanilang mga anak. Ang sistemang pagpapatala sa online ng kagawaran ay sumusuporta sa paglipat sa paaralang sekundarya.

Ang mga lokal na paaralan ay para sa mga estudyante sa lahat ng lebel ng kakayahan, kabilang ang mga programang nagbibigay ng paghamon sa mga estudyanteng may mataas na potensyal at likas na talino at programang para sa mga estudyanteng nangangilangan ng karagdagang pagtuturo at suporta. Nagbibigay din sila ng malawak na hanay ng mga gawaing ekstra kurikular.

May mga kolehiyong maraming kampus na kasama ng ilang mga paaralan o kampus, kung saan ang bawat paaralan o kampus ay nagdadalubhasa ng ibat-ibang aralin. Halimbawa, may mga pang-mas batang kampus (Years 7-9 o 7-10), pang-mas matandang kampus (Years 10-12 o 11-12), piling pang-akademikong kampus, naghalo ang kababaihan at kalalakihan sa kampus at mga para sa nag-iisang kasarian na kampus.

Mayroon ding mga paaralang sentral na nagbibigay ng pagkakataon sa mga nasa bukirin at malalayong komunidad na mapag-aral ang kanilang mga anak mula Kindergarten hanggang sa Year 12 sa loob ng iisang paaralan. Maraming paaralang sentral na gumagamit ng teknolohiya na nag-uugnay ng mga guro at estudyante sa mga ibat-ibang paaralan upang ang hanay ng mga aralin ay maibibigay. Ang mga paaralang sentral ay nagbibigay din ng malawakang hanay ng mga ekstra-kurikular na gawain.

Kung hindi mo kayang mag-aplay sa online o kung pinili mong hindi sa online gawin, mangyaring kumpletuhin ang porma na mag-uumpisa sa pahina 5 ng libritong ito. Isauli ang nakumpletong porma sa paaralang primarya ng iyong anak.

May makukuhang karagdagang impormasyon sa education.nsw.gov.au/public-schools/going-to-a-public-school/enrolment/high-school-enrolment

NSW GOVERNMENT

# Mga ibang mapagpipiliang paaralan

## Maaari kayong may mga dahilan kung bakit gusto na ang inyong anak ay papasok sa isang paaralan na hindi lokal.



## Mga paaralang di-lokal (o nasa labas ng lugar)

Ang mga paaralang may nakatalagang lugar na mapapasukan ay may hangganan sa pagpapatala – ang bilang ng mga estudyanteng maaaring maitatala base sa permanenteng mapaglalagyan ng paaralan. Ang hangganan sa pagpapatala ang makakapagsabi sa atin kung ang isang paaralan ay makakatanggap o hindi ng hindi lokal. Sa loob ng hangganan sa pagpapatala, may mga paaralan na nagtatakda ng isang lokal na bilang ng pagpapatala para sa mga estudyanteng darating  sa loob ng taon.

Mga paaralan na sumubra o malapit na sa kanilang hangganang ng pagpapatala ay hindi tatanggap ng mga hindi lokal na estudyante, liban lamang kung may mga katangi-tanging kadahilanan.

Ngunit, ang mga paaralan na hindi pa narating ang 'buffer' lebel ay maaaring magpatala ng mga di-lokal na estudyante.

Ang mga paaralan na ang pangangailangan ng di-lokal na pagpapatala ay sobra sa bilang nga bakanteng pwesto sa loob ng 'buffer' lebel, ang mga paaralang ito ay kailangang gumawa ng kriterya sa pagpapatala ng mga taga-labas ng lugar at magbuo ng pangkat na tatasa sa mga aplikasyon ng mga hindi lokal na estudyante.

## Mga paaralang pang-espesyalista

Ang mga paaralang pang-espesyalista ay nagbibigay ng pangsekundaryang edukasyon na nakatuon sa isang natatanging talento o pagka-interesado. Ang mga paaralang pang-espesyalista ay itinatag para sa mga malikhaing sining, sining sa pagtatanghal at sining sa biswal, mga wika, teknolohiya (kasama ang mga teknolohiya sa dagat at bukirin), agrikultura at isport.

Sa ilang mga paaralang pang-espesyalista, ang kriterya sa pagpapatala ay maaaring kabilang ang pagtatanghal o pag-awdisyon.

## Mga pansuportang klase

Ang ilang pangsekundaryang paaralan ay may mga pansuportang klase para sa mga pangangailangan sa dagdag na pag-aaral at suporta ng mga estudyanteng may-kapansanan. Ang prinsipal ng paaralang primarya ng inyong anak ay makakatulong sa inyo na makahanap ng tamang paaralan para sa inyong anak, isinasaisip ang inyong pinipili, ang mga pangangailangan ng inyong anak sa mga pantulong sa pag-aaral at gaano kalapitsa mga serbisyo ng mga lokal na espesyalista.

Ang pagdedesisyon para makapwesto sa isang suportadong klase ay ginagawa sa pamamagitan ng isang proseso ng pagkakapwesto.

## Mga piling paaralang pang-akademiko

Ang proseso ng pag-aaplay para makapasok sa isang buo o hindi buong piling paaralang pang-akademiko ay nagsisimula kapag ang estudyante ay nasa Year 5 at ang pagpapatala ay mas matagal kaysa sa normal na proseso.

Ang porma sa pag-aplay ay makukuha lamang sa kompyuter. Mangyari pong tandaan na hindi tinatanggap ang mga aplikasyong mahuhuli ang pagdating.

Isang listahan ng mga piling paaralang pang-akademiko at mga detalye ng kanilang mga proseso sa pagpapatala ay makikita sa: https://education.nsw.gov.au/public-schools/selective-high-schools-and-opportunity-classes

## Mga Sentro sa Masinsinang Pag-Ingles

Gamitin ang kagamitang Panghanap ng Paaralan sa: https://education.nsw.gov.au/school-finder upang mahanap ang mga mataas na paaralan na nagbibigay ng suporta sa Masinsinang Pag-Ingles.

Ibigay ang inyong lugar ng tirahan o koda ng koreo upang mahanap ang mapa ng inyong lokal na paaralan at piliin ang pindutan na Intensive English Centre sa "Nearby schools".

Para sa dagdag na impormasyon, mangyari pong tawagan ang prinsipal ng inyong lokal na paaralang primarya o ang paaralang sekundaryang napili ninyo.

Kung kinakailangan ng interpreter para matulungan kayo sa inyong mga pagtatanong, mangyari pong tawagan ang **Serbisyo ng Interpreter sa Telepono** sa 131 450 at humingi ng isang interpreter sa inyong wika. Walang babayaran sa serbisyong ito.

# Pagkukumpleto sa Pahayag ng Pagka-interesado

## Maaari ninyong masabi kung aling paaralan ang gusto ninyong mapapasukan ng inyong anak sa pamamagitan ng pagkumpleto sa porma ng Pahayag ng Pagka-interesado para sa inyong lokal na paaralan at/o di-hihigit sa 3 na mga paaralang nasa labas ng lugar.

May tatlong mga hakbang sa pagpapatala ng inyong anak sa Year 7:

## Ika-1 Hakbang: Kumpletuhin ang Pahayag ng Pagka-interesado upang humingi ng pagkakapwesto sa mga pampublikong paaralan na pinili ninyo.

### Itong porma ay kailangang makumpleto sa Ingles ng mga magulang at tagapag-alaga ng lahat ng mga estudyanteng humihinging maipwesto sa Year 7 ng pampublikong paaralan ng NSW sa darating na taon.

Para sa mga mag-aaral na kasalukuyang naka-enrol sa mga mababang paaralan ng Pamahalaan ng NSW, maaari mong kumpletuhin ang expression of interest (pagpapahayag ng pagkainteresado) sa online o kumpletuhin ang kalakip na pormang papel at ibalik ito sa mababang paaralan ng iyong anak. Para sa mga mag-aaral na hindi kasalukuyang naka-enrol sa isang mababang paaralan ng Pamahalaan ng NSW, maaari mong kumpletuhin ang expression of interest sa online o ibalik ang pormang ito sa mataas na paaralan ng Pamahalaan ng NSW na balak mong i-enrol ang iyong anak.

**Lahat ng mga Pahayag ng Pagka-Interesado ay dapat maibalik bago pa o sa petsa ng pagsusumite.**

## Ika-2 Hakbang: Kumpletuhin ang aplikasyon sa pagpapatala

Kung may alok para sa inyong anak na makakapwesto sa isang paaralan, kayo ay dapat magkukumpleto ng isang **Aplikasyon sa Pagpapatala sa isang paaralan ng pamahalaang NSW**. Ito ay ipapadala sa inyo sa ika-2 Termino o ika-3 Termino.

Maaaring kumpletuhin ang aplikasyon sa online o sa pamamagitan ng pagkumpleto ng pormang papel na ipapadala sa iyo sa panahon ng Term 2 o Term 3.

Mangyaring kompletuhin ang pormang ito at ibalik sa amin sa pinakamaagang panahon.

Ang huling desisyon sa pagpapatala ay gagawin pagkatapos na mapag-aralan at matanggap ang inyong aplikasyon sa pagpapatala ng prinsipal ng paaralan. Maaaring tatawagan kayo ng prinsipal para sa dagdag na impormasyon.

Kayo ay makakatanggap ng isang email o sulat na nagpapatiyak kung ang inyong anak ay maaaring magpatala o hindi.

## Ika-3 Hakbang: Kilalanin ang inyong bagong paaralan

Kung nakatanggap kayo ng katiyakan sa pagpapatala ng inyong anak, mahalagang malaman ang tungkol sa mga suporta ng bagong paaralan sa paglipat ng inyong anak sa Year 7.

Ang paaralan ay gagawa ng mga aktibidad tungkol sa mga pagbabago at isang panimulang araw para sa mga estudyanteng magsisimula ng Year 7 sa susunod na taon. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay kadalasang iniimbita sa panimulang araw, na ginagawa ng mga huling araw ng Nobyembre/unang bahagi ng Disyembre. Ito ay nakakatulong sa inyong anak na malaman ang tungkol sa mga asignatura at aralin sa paaralang sekundarya, mga guro, silid-aralan, mga proseso sa paaralan at nagbibigay ng pagkakataong makita ang mga kapwa estudyante.

Kayo ay mapasasabihan tungkol sa araw ng oryentasyon ng inyong bagong paaralan, kasama na ang impormasyon tungkol sa mga uniporme, pagpipilian sa pagbiyahe at iba pang mahahalagang mga detalye.

Kung kailangan ng dagdag na impormasyon, mangyaring tawagan ang prinsipal. Kung kailangan ang interpreter upang tumulong sa inyo, tumawag sa Serbisyo ng Interpreter sa Telepono sa **131 450** at humingi ng interpreter. Ang opereytor ay kukuha ng interpreter sa telepono upang makatulong sa inyong pag-uusap. Hindi kayo pagbabayarin sa serbisyong ito.

## Impormasyon na makakatulong sa inyong bagong paaralan na makakapagbigay ng suporta at pagtuturo sa inyong anak

Mahalaga pong magbigay ng impormasyon tungkol sa inyong anak sa bagong paaralan upang matulungan siya sa kanyang mga pangangailangan ng suporta at pag-aaral. Mahalagang sabihin ninyo sa paaralan tungkol sa mga dapat malamang alerdyi o iba pang mga kalagayang pangmedikal ng inyong anak.

Kasama dito ngunit walang pagpigil sa impormasyon na ang inyong anak ay nasuri na may mga alerdyi, hika, dyabetis o epilepsya.

Kung ang inyong anak ay nasuring delikado sa alerdyi, mangyari pong ibigay sa bagong paaralan ng inyong anak ang kasalukuyang ASCIA Action Plan for Anaphylaxis na kinumpleto at pinirmahan ng doktor ng inyong anak.

Kasama ng ASCIA Action Plan, ang paaralan ay mangangailangan ng pang-iniksyon ng adrenaline upang masuportahan ang pang-emerhensyang pagtugon sa kalusugan na nakadetalye sa plano. Mangyaring basahin ang petsa ng pagkapaso ng pang-iniksyon ng adrenaline na ibibigay sa paaralan at magbigay ng pampalit na gamit habang maaga.

## Impormasyon upang matulungan kang kumpletuhin ang Expression of Interest (Pagpapahayag ng Pagka-interesado)

### Seksiyon A

Mangyari pong kompletuhin ang mga personal na detalye ng inyong anak at pirmahan ang deklarasyon sa **Seksiyon A**.

## Seksiyon B

Ang **Seksiyon B** ay nagpapakita ng pangalan ng inyong lokal na paaralan, base sa lokasyon ng tirahan ng inyong anak. Ang inyong anak ay may karapatang maipwesto sa lokal na paaralan.

Kung kayo ay naghahanap ng mapagpwestuhan sa inyong lokal na paaralan lamang, pirmahan ang **Seksiyon B**, at ibalik ang pormang ito sa petsa ng pagsusumite. Nakumpleto na ninyo ang porma.

Kung nag-aplay kayo para sa piling pang-akademikong paaralan, at gusto ninyo na ang inyong anak ay sa lokal na paaralan mag-aaral kung di-papalarin dito, paki-pirma at petsahan ang **Seksiyon B**.

## Seksiyon C

Kung naghahanap ng ibang mapagpwestuhan, mangyari pong ilista ang tatlong paaralan na ayon sa inyong pagkakagusto sa **Seksiyon C**.

Maaari kayong humingi ng pwesto sa isang:

- paaralang pang-espesyalista
- pansuportang klase (may konsultasyon sa inyong prinsipal ng paaralang primarya), na siyang magsusumite sa aplikasyon sa paghingi ng uri ng pansuportang klase
- labas-sa-lugar ng paaralan

**Tandaan na ang mga pang-espesyalistang paaralan at pangkat ng pagpupupwesto para sa pagpapatala sa mga di-lokal na paaralan at may mga dagdag na pangangailangan sa pag-aaplika.**

Kung hindi kayo tiyak kung kinakailangan ang dagdag na mga porma, mangyaring tawagan mismo ang paaralan na kayo ay interesado.

**May isang dagdag na hakbang kung kayo ay humihingi ng pagkakapwesto sa isang labas-sa-lugar na paaralan.**

**Ang mga paaralan ay may kriterya sa pagkakapwesto sa mga labas sa lugar na pagpapatala kung saan ang pagkakagusto sa labas-sa-lugar na pagpapatala ay sumusubra sa bilang ng bakanteng pwesto na bumaba sa buffer ng pagpapatala.**

Kung kayo ay nagnanais na makapwesto sa isang labas-sa-lugar ng paaralan, mangyaring magbigay ng mga dahilan, halimbawa:

- mga kapatid ay nakapagpatala na sa paaralan
- pagkamalapit at nakakapasok sa paaralan
- makapasok sa paaralang para sa iisang kasarian
- mga kadahilanang pang-medikal
- kaligtasan at pangangasiwa sa bata bago at pagkatapos ng klase
- na pagka-mayroon ng mga paksa o kombinasyon ng mga paksa sa paaralan
- mga mahahabaging pangyayari
- ang istraktura at kaayusan ng paaralan
- mga bagong pagbabago sa hangganan ng lokal na lugar na mapagkukunan

Ang pangkat ng pagpapatala sa paaralan ay makakapagdesisyon lamang mula sa impormasyong galing sa pormang ito at iba pang may-katuturang papeles na inihain ninyo.

Kung ang inyong anak ay hindi mabibigyan ng pwesto sa inyong paaralang ika-1 na Pili, ang inyong anak ay maaaring maipwesto sa inyong paaralang ika-2 Pili at saka sa paaralang ika-3 Pili, kung nararapat.

Kung hindi kayo nasiyahan sa pagkakaroon ng pwesto sa isa sa inyong mga napiling paaralan, pasasabihan kayo ng paaralan. Ang paaralan ay maaaring magsabi sa inyo na kayo ay nakalagay sa isang listahan ng mga naghihintay at kayo ay pasasabihan kung magkakaroon ng pwesto.

Kung ang inyong anak ay may pagkakataong mabigyan ng pwesto sa isa sa mga piniling paaralan, hindi na kayo makakatanggap ng alok sa ibang paaralan na nasa mas mababang pinagpilian.

Kung walang pwestong maibibigay sa anuman sa mga piniling paaralan, ang inyong anak ay bibigyan ng pwesto sa kanilang lokal na paaralan na nakalista sa **Seksiyon B**, kung tatanggapin ang inyong aplikasyon sa pagpapatala ng paaralang iyon.

Kung sa akala ninyo na kayo ay hindi  natrato ng tama o hindi makatarungan ang resulta, maaari kayong mag-apela. Ang apela ay dapat isagawa sa sulat sa prinsipal ng paaralang sekundarya.

## Seksiyon D

**Kung kayo ay nag-aplay sa isang piling paaralang pang-akademiko**, mangyaring lagyan ng tsek ang kahon sa **Seksiyon D** nitong porma at kumpletuhin ang **Seksiyon B, C** o **Seksiyon E** kung baka sakaling ang inyong anak ay hindi nakakuha ng pwesto sa isang piling paaralan.

## Seksiyon E

**Kung ayaw ninyong magkaroon ng pwesto sa isang paaralan ng pamahalaan, mangyaring kumpletuhin ang Seksiyon E.**

Ang pagkumpleto sa **Seksiyon E** ang magwawakas sa lahat ng gagawin ng mga pampublikong paaralan ng NSW tungkol sa pagkakapwesto ng inyong anak sa Year 7.



# Pahayag ng Interes (Expression of Interest)

## Pagkakapwesto sa Year 7 sa isang paaralan ng pamahalaan sa NSW.

## Placement in Year 7 in a NSW Government school.

**Mangyaring kumpletuhin ang porma sa Ingles.**

SRN ☐☐☐☐☐☐☐☐☐

Gagamitin lamang ng opisina (huwag kompletuhin ng mga magulang/taga-alaga) (Office use only)

## A. Impormasyon tungkol sa estudyante (A. Student information)

**Apelyido (pangalan ng pamilya)**
**Family name** ________

**Unang (ibininyag) pangalan**
**First given name** ________

**Middle (ibang) pangalan/mga pangalan**
**Middle (other) name/s** ________

**Kasarian**
**Gender**
☐ Lalake / Male
☐ Babae / Female

**Petsa ng kapanganakan**
**Date of birth** ☐☐/☐☐/☐☐☐☐
*Araw Buwan Taon*

**Lugar ng tirahan** *(halimbawa: 1 High Street, Sydney, NSW, 2000)* **(Residential address)**

________

________

**Lagda ng magulang/taga-alaga**
**Name of parent/carer** ________

Numero ng telepono *(mobile)*
**Phone number** *(mobile)* ________

Numero ng telepono *(home)*
**Phone number** *(home)* ________

Numero ng telepono *(work)*
**Phone number** *(work)* ________

**Adres sa email**
**Email address** ________

**Kasalukuyang paaralang primarya ng estudyante (Student's current primary school)**

________

**Deklarasyon (Declaration)**

Ako ay nagdedeklara na ang impormasyong ibinigay ko dito sa *Expression of Interest*, ay sa abot ng aking pagkakaalam at paniniwala ay tutoo at kumpleto. Tinatanggap ko na kung sa huli at ang mga pahayag ko sa aplikasyon ay mapatunayang hindi tutoo o panlilinlang anumang desisyon sa aplikasyon ay maaaring bawiin. Naiintindihan ko na anumang pagpapatala pagkatapos nitong proseso ng pagbibigay ng pwesto sa isang paaralan ay nakadepende sa pagtatasa at pagtanggap sa aking *Aplikasyon sa pagpapatala sa isang Pampamahalaang paaralan ng NSW (Application to Enrol in a NSW Government School)*.

**Lagda ng magulang/taga-alaga (Signature of parent/carer)** ________

**Pangalang nakasulat sa malalaking letra (Print name)** ________

**Petsa**
**Date** ☐☐/☐☐/☐☐☐☐
*Araw Buwan Taon*

## B. Pagkaroon ng pwesto sa inyong lokal na pampamahalaang paaralan (B. Placement at local government school)

**Ang inyong lokal na paaralan (Your local school)**

________

Mangyaring pirmahan po ang seksiyong nasa ibaba kung gusto ninyong mag-aral ang inyong anak sa naturingang lokal na pampamahalaang paaralan.

**Lagda ng magulang/taga-alaga (Signature of parent/carer)** ________

**Petsa**
**Date** ☐☐/☐☐/☐☐☐☐
*Araw Buwan Taon*

Kung napirmahan na ang nasa itaas at gusto ng anak ninyo na **dito lamang** sa paaralan mag-aral, nakumpleto na ninyo ang porma.

## C. Mga konsiderasyon na maibibigay sa pagkakapwesto sa ibang mga paaralan ng pamahalaan
## C. Consideration to be given to placement at other government schools

**Kung gusto ninyo na sa hindi lokal na paaralan papasok ang inyong anak, magbigay po ng tatlong mapagpipilian. Maaaring isali ang:**

- isang **pang-espesyalistang paaralan ng pamahalaan.** Tandaan na hinihikayat kayong humingi ng tulong sa prinsipal ng paaralang primarya kung gugustuhin na ang inyong anak ay makapasok sa isang espesyalistsng paaralan.
- isang paaralan na may **mga klaseng pangsuporta** para sa mga estudyanteng nangangailanagn ng karagdagang pag-aaral at suporta. Tandaan na ito ay dadaan sa isang pagtatasa. **Dapat na humingi kayo ng tulong sa prinsipal ng paaralang primarya kung gugustuhin na ang inyong anak ay makapasok sa isang may suportang klase.**
- ibang **hindi lokal** na paaralan ng pamahalaan. Mangyaring balangkasin ang inyong mga dahilan kung bakit gustong makapasok sa hindi lokal na paaralan sa ilalaim ng pahina (at sa pahina 7 kung kinakailangan).

Gusto kung magkaroon ng pwesto ang aking anak sa mga sumusunod na mga pampamahalaang paaralan:

| | |
|---|---|
| **Paaralang Pinili (Choice) 1**<br>**Choice 1 school** | |
| **Paaralang Pinili (Choice) 2**<br>**Choice 2 school** | |
| **Paaralang Pinili (Choice) 3**<br>**Choice 3 school** | |

Naiintindihan ko na kung ang aking anak ay hindi nagtagumpay na magkaroon ng pwesto sa isa sa mga paaralang nakasulat sa itaas, siya ay ilalagay sa lokal na paaralang nakalista sa Seksiyon B.

**Lagda ng magulang/taga-alaga (Signature of parent/carer)**

**Petsa**
**Date** ___ ___ / ___ ___ / ___ ___ ___ ___
*Araw* *Buwan* *Taon*

## Gagamitin lamang ng prinsipal sa paaralang primarya (Primary school principal use only)

Primary school principals may wish to include comments to assist secondary school principals make placement decisions. These comments should refer to the reasons given by parents and carers.

**Signature of primary school principal**

**Date** ___ ___ / ___ ___ / ___ ___ ___ ___
*day* *month* *year*

**Kumpletuhin lamang ang impormasyong nasa ibaba kung kayo ay nag-aaplay ng pwesto sa mga hindi lokal na paaralan. Hindi kailangang kumpletuhin ang seksiyong ito kung kayo ay nag-aaplay para sa mga paaralang pang-espesyalista o isang klaseng may pansuporta.** Kung kinakailangan, maaari kayong maglagay ng dagdag na impormasyon na pansuporta sa inyong paghingi ng pwestosa mga di-lokal na paaralan. Tingnan sa pahina 2 at 3 para sa dagdag na impormasyon.

**Pangalan ng Paaralang Pinili (Choice) 1**
**Name of Choice 1 school**

Mangyaring ilatag ang inyong mga dahilan na maipwesto ang inyong anak sa paaralan (tingnan ang natatanging kriterya sa pagpapatala ng paaralan).

## C. (itinuloy) C. (continued)

**Pangalan ng Paaralang Pinili (Choice) 2**
**Name of Choice 2 school**

Mangyaring ilatag ang inyong mga dahilan na maipwesto ang inyong anak sa paaralan (tingnan ang natatanging kriterya sa pagpapatala ng paaralan).

**Pangalan ng Paaralang Pinili (Choice) 3**
**Name of Choice 3 school**

Mangyaring ilatag ang inyong mga dahilan na maipwesto ang inyong anak sa paaralan (tingnan ang natatanging kriterya sa pagpapatala ng paaralan).

## D. Mapiling paaralang pang-akademiko (D. Academically selective school)

☐ Nagsumite ako ng aplikasyon para sa pwesto sa isang mapiling paaralang pang-akademiko. Ang aking anak ay kukuha ng pagsusulit para sa mga Mapiling Mataas na Paaralang Pang-akademiko.
I have submitted an application for placement in an academically selective school. My child will be sitting for the Selective High Schools test.

*Kung sakaling di-makapasa ang inyong anak na mabigyan ng pwesto sa mga paaralang ito, mangyaring kumpletuhin na rin ang Seksiyon B, C o E sa pormang ito.*

## E. Hindi humihingi ng pagkapwesto (E. Placement not required)

Kinukumpirma ko na ang aking anak ay hindi hahanap ng pagkakapwesto sa isang paaralan ng Pamahalaan ng NSW sa darating na taon. Nabasa ko at naiintindihan ang impormasyon tungkol sa pagsumiteng ito kasama ang pagkalap ng personal na impormasyon. Ang aking anak ay papasok sa mga sumusunod na paaralan.*
I confirm that my child will not be seeking placement at a NSW Government school next year. I have read and understood the information about this submission including the collection of personal information. My child will be attending the following school.*

**Lagda ng magulang/taga-alaga (Signature of parent/carer)**

**Petsa**
**Date** __ __ / __ __ / __ __ __ __
*Araw* *Buwan* *Taon*

* Ang pagbibigay ng impormasyong ito ay hindi kinakailangan ngunit nakakatulong.

**Pahayag ng Pagkapribado (Privacy Statement)**

Ang personal na impormasyon na ibinigay sa pormang ito na may pamagat na **Expression of Interest – Placement in Year 7** sa isang paaralan ng Pamahalaan ng NSW ay kinokolekta para sa layunin ng paghahanda ng mga potensyal na mga aplikasyon ng pagpapatala sa Year 7 sa mga paaralan ng Pamahalaan ng NSW. Ang anumang impormasyon na ibibigay sa NSW Department of Education (**the Department**) ay gagamitin, ipapakita at ililigpit na alinsunod sa mga batas ng pagkapribado ng NSW.

May mga partikular na impormasyon na kinakailangan ng **the Department** upang matugunan ang tungkulin ng pangangalaga (duty of care) nito at iba pang mga legal na obligasyon at mga tungkulin sa ilalim ng pampublikong kalusugan, edukasyon at batas sa protektion ng bata at upang matugunan ang mga pangangailangan sa pangungulekta ng datos at pag-uulat na nasa ilalim ng mga kasunduan sa pagpupundo ng Komonwelt – Estado. Maaaring kabilang dito ang pagsusuri at pagtatasa ng mga resulta ng mag-aaral.

Ang impormasyon ay maaaring ibunyag sa mga ahensyang pamahalaan ng Estado ng NSW at Komonwelt at iba pang mga organisasyon para sa mga layuning nasa itaas at bilang inawtorisado o kinakailangan ng batas.

Ang impormasyon ay ililigpit sa isang ligtas na elektronikong database. Maaari mong ma-access o iwasto ang impormasyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa paaralan ng iyong anak. Kung mayroon kang pag-aalala o reklamo tungkol sa kinolektang impormasyon o kung paano ito ginamit o ibinunyag, dapat kang makipag-ugnay sa paaralan.

Kung pinili mong hindi magbigay ng ilang mga hiniling na impormasyon, maaari itong may nakakasamang epekto sa pagpapatala ng iyong anak, ang pagkukunan ng paaralan o pagtugon sa pangangailangang pang-edukasyon ng iyong anak.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pangungulekta ng impormasyon habang naka-enrol ang iyong anak sa isang paaralan ng Pamahalaan ng NSW, at kung paano namin pinoprotektahan ang iyong pagkapribado, ay matatagpuan sa website ng the Department o mula sa iyong paaralan. Maaari kang makakuha ng isang kopya ng Privacy Collection Notice (Pagpapahayag ng Pangungulekta ng Pagkapribado) ng Department sa https://education.nsw.gov.au/content/dam/main-education/about-us/rights-and-accountability/media/documents/privacy/collection-notice.pdf

Para sa mga estudyanteng kasalukuyang nakatala sa mga paaralan ng pamahalaan, mangyaring ibalik ang pormang ito sa paaralang primarya ng inyong anak. Para sa mga estudyanteng hindi nakatala sa mga paaralang primarya ng pamahalaan, mangyaring ibalik itong porma sa paaralang sekundarya ng pamahalaan na inyong unang pili sa pagpapatala. **Lahat ng mga Pahayag ng Pagka-Interesado ay dapat maibalik bago pa o sa petsa ng pagsusumite**.



Kinikilala namin ang mga kabahayan ng lahat na taong Aborihinal at nagbibigay ng paggalang sa Bayan.

**Say hello**

@NSWDepartmentofEducation

@NSWEducation

@NSWEducation

education.nsw.gov.au

© 2023 NSW Department of Education

GPO Box 33, Sydney NSW 2001 Australia

Phone: 1300 679 332